

## OPENING REMARKS

Magandang umaga sa lahat!

Sa isang seminar na aking dinaluhan ilang linggo na ang nakararaan tungkol sa internal and external quality assurance sa sektor ng edukasyon, ibinahagi ng ASEAN-QA ang ideya ng Industry 4.0 o kilala rin sa tawag na Industrial Revolution 4.0 o IR 4.0 na humahamon sa mga akademikong institusyon na maging dinamiko at patuloy na lumikha ng inobasyon na makapagdudulot ng mahahalagang transpormasyon sa edukasyon pagkatapos ng COVID-19. Tinukoy rito kung paanong nararapat maging handa ang mga mag-aaral sa nagbabagong panahon, kawalang-katiyakan, at mabilis na pag-angat ng iba't ibang teknolohiya. Sa madaling salita, tinalakay ang mga dapat paghandaan para maging “future proof” ang ating mga mag-aaral. Para gawin ito, sampung “skills demand” ang ibinahagi ng Taylor’s University at ito ay ang sumusunod:

1. “analytical thinking and innovation”
2. “active learning and learning strategies”
3. “creativity, originality and initiative”
4. “technology design and programming”
5. “critical thinking and analysis”
6. “complex problem-solving”
7. “leadership and social influence”
8. “emotional intelligence”
9. “reasoning, problem-solving and ideation”
10. “systems analysis and evaluation”

### **Ang tanong ay, paano tutugunan ng mga pamantasan ang ganitong “skills demand?”**

Sa parehong seminar, sinabi ni Professor Datuk Dr. Asma Ismail, Tagapangulo ng Malaysian Qualification Agency Board at Pangulo ng Academy of Sciences Malaysia, sa kanyang susing pananalita, ang pangangailangang magkaroon ng “paradigm shift” patungo sa “values-based education.” Binigyang-diin niya ang soft skills (tulad ng flexibility, work ethics, interpersonal, problem-solving skills) higit sa hard skills (technical, management, computer skills). Maaaring highly or technically skilled ang ating mga mag-aaral subalit ang tanong ay, batid ba nila kung kailan dapat gamitin ang mga ito? Alam ba nila kung saan ito dapat gamitin? Alam ba nila kung paano ito dapat gamitin? Maaaring itanong din kung kailangan nga ba nilang gamitin ang ganitong klaseng skills sa pagharap sa buhay?

Sa pamamagitan ng *Linangan* na inyong dinadaluhan sa araw na ito at sa mga susunod pang mga araw, makakukuha tayo ng gabay, kung hindi man kasagutan sa mga tanong na ito. Kung kaya sa puntong ito nais kong pasalamat si Chancellor Fidel Nemenzo sa pagsuporta sa programang *Linangan: Teach, Talk*; ang General Education Center sa pamumuno ni Dr. Nak Kimuell-Gabriel kasama ang mga kawani ng GEC bilang mga

punong abala sa programang ito; ang ating mga panauhing tagapagsalita ngayong araw, Dr. Neil Martial Santillan at Dr. Jely Galang, at lalu't higit sa inyong lahat na dumalo sa *Linangang* ito.

Hangad namin ang isang makabuluhang talakayan kasama kayong lahat. Maligayang pakikinig at tuloy po kayo sa seryeng *Linangan: Teach, Talk!*

Maraming salamat po.